Lungsod at County ng San Francisco
Edwin M. Lee
Alkalde

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco
Barbara A. Garcia, MPA
Direktor ng Kalusugan

Nobyembre 6, 2014

Ano'ng Ginagawa ng San Francisco upang Mahadlangan ang Ebola?

Walang Ebola sa San Francisco.

Kahit na ang peligro ng pagkalat ng Ebola sa U.S. ay napakababa, napakaseryosong kahandaan ang isinasagawa ng Lungsod at County ng San Francisco. Binabantayang mabuti ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang sitwasyon at nagsasagawa ng direktang aksiyon upang makatiyak na handa kami.

Naghahanda ang DPH

Nakikipagtulungan ang aming mga ekspertong doktor at kawani ng Population Health Division at San Francisco Health Network sa San Francisco General Hospital at lahat ng ospital ng Lungsod, mga laboratoryo at clinical provider, San Francisco International Airport (SFO), sa Department of Emergency Management (DEM) at sa mga unang tagatugon ng lungsod, na kinabibilangan ng pamatay-sunog, pulisya, sugo ng 9-1-1 at sasakyang ambulansiya, upang makatiyak na may mahusay na napamamahalaang pagtugon na nakaposisyon at handang malagay sa operasyon, sakaling magkaroon ng kaso ng Ebola sa San Francisco. Sumusunod kami at humihigit pa sa mga rekomendasyon ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at sa State Department of Health nang sa gayo'y ligtas ang aming mga pasyente, kawani, at komunidad.

Manatiling may alam

Bisitahin ang www.sfdph.org para sa impormasyon at mga update ukol sa mga pagsisikap sa paghahanda sa Ebola sa Country ng San Francisco. Para sa pinakabagong impormasyon, kabilang ang mga detalye tungkol sa paghadlang at mga sintomas, mangyaring bisitahin ang website ng CDC.

Ano'ng maaari mong gawin

Napakamalamang na hindi mo kakailanganing mag-alala tungkol sa pangangalaga ng iyong sarili mula sa Ebola dito sa U.S. Gayunman, bawa't taon, mayroong isang virus na kumikitil sa mga buhay ng libu-libong Amerikano, at nagbibigay-sakit sa milyun-milyon pa — ang flu o trangkaso. Ang pagkuha ng flu shot ay ang nag-iisang pinakamahalagang bagay na maaari mong gawin upang pangalagaan ang iyong kalusugan at ang kalusugan ng mga iba pang tao sa panahong ito, at hinihikayat ka naming magpabakuna na sa lalong madaling panahon.